


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 4: Masusing Pagpapasya para sa Kaligtasan



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 4: Masusing Pagpapasya para sa Kaligtasan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Rhoda S. Bordallo, Maria Fe P. Alas
Editor:	Caridad P. Baginon, Ma. Shiela C. Adona
Tagasuri:	David C. Alcober, Lita V. Jongco, Raquel B. Brigoli
Tagaguhit:	Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.
Tagalapat:	Gualberto R. Gualberto Jr., Vergel Junior C. Eusebio
Tagapamahala:	
	Ma. Gemma M. Ledesma Mariza S. Magan
	Arnulfo M. Balane Edgar Y. Tenasas
	Rosemarie M. Guino Mark Chester Anthony G. Tamayo
	Joy B. Bihag Gretel Laura M. Cadiong
	Ryan R. Tiu Ranulfo L. Baay
	Amenia C. Aspa Julieta L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 - 832 - 2997
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 4:
Masusing Pagpapasya para sa
Kaligtasan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Mahalaga ang may wastong kaalaman upang maiwasan ang mga sakuna tulad ng sunog. Gayundin ang kaalaman kung paano mapananatiling ligtas kung may kalamidad katulad ng baha at lindol.

Ang sumusunod na mga layunin ay ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Nakasusunod nang may masusi at matalinong pagpapasya para sa kaligtasan;
 - paalala para sa mga panoorin at babasahin
 - pagsunod sa mga alituntunin tungkol sa pag-iingat sa sunog at paalaala kung may kalamidad
- Naipadarama ang pagmamalasakit sa kapwa sa pamamagitan ng pagbibigay babala o paalaala; at
- Naisusulat sa kuwaderno ang mga bagay na maaaring ibahagi tungkol sa pangangalaga sa sarili at sa ibang tao.



Subukin

Panuto: Ano ang iyong gagawin sa sumusunod na sitwasyon? Isulat ang titik ng iyong tamang sagot sa sagutang papel.

1. Naiwan kang mag-isa sa bahay nang biglang lumindol.
 - A. Tumakbo palabas ng bahay.
 - B. Manatili sa kinalalagyan, makiramdam at lumipat sa ligtas na lugar.
 - C. Humingi ng saklolo sa kapitbahay
2. Nalaman mo na may paparating na bagyo sa inyong lugar.
 - A. Hahayaan lang.
 - B. Magkunwari na hindi narinig.
 - C. Maghanda ng *emergency supplies* at iba pa.
3. Nakita mong nagbabasa ng malalaswang babasahin ang iyong kamag-aral habang hinihintay ang umpisa ng inyong klase.
 - A. Ipagtatapat sa guro ang nakita mo.
 - B. Hindi papansinin ang kaklase.
 - C. Aawayin ang kaklase.
4. Hindi nakikinig ang iyong mga kaklase habang ipinaliliwanag ng inyong guro ang mga alituntunin para sa kaligtasan kapag may kalamidad.
 - A. Magagalit ka sa kanila.
 - B. Aalis na lamang bigla sa silid-aralan.
 - C. Pagsasabihan ang mga kaklase.
5. Sa hindi sinasadyang pagkakataon nakita mo ang iyong nakatatandang kapatid na nanonood ng malalaswang palabas sa *You Tube*.
 - A. Magkunwari na walang alam sa nakita
 - B. Sasabihin sa magulang ang nasaksihan
 - C. Hindi ipaaalam sa mga magulang.

Aralin

1

Masusing Pagpapasya para sa Kaligtasan

Ang tao ay hindi nabubuhay para sa kaniyang sarili lamang. Mahalagang samahan ng disiplina, pagiging responsable sa pagsunod sa mga paalaala, at gamitin ang matalinong pagpapasya para sa kaligtasan. Ang masusi at matalinong pagpapasya ang dahilan kung bakit ang tao ay nakagagawa ng tama at naaayon. Ang pagkakaroon ng bukas na isipan sa mga pangyayari ay tumutulong sa atin na makapagpasya nang matibay at tama. Ito ay bunga ng mabuting malalim at pagkamalikhaing pag-iisip sa mga bagay na nararapat na humantong sa paggawa ng mabuti at tama. Kailangan nating makipag-ugnayan sa kapwa, kasama na rin dito ang pagtulong nang walang hinihinging kapalit lalo na sa oras ng sakuna o kapahamakan. Higit na pinagpapala ang tao na ang hangarin ay para sa kabutihang panlahat.



Balikan

Gawain: Lagyan ng **tsek (✓)** kung **tama** ang isinasaad sa pangungusap at **ekis (X)** naman kung **hindi**.

- _____ 1. Bigyang babala ang kaibigan at kaklase sa paparating na bagyo sa inyong lugar.
- _____ 2. Ipagbigay-alam sa iba ang impormasyong napakinggan tungkol sa mga kalamidad na paparating.
- _____ 3. Ilihim ang napakinggang babala upang ikaw lamang at ang iyong pamilya ang makaligtas sa sakuna.
- _____ 4. Unahin ang pansariling kapakanan bago pansinin ang kalagayan ng iba.
- _____ 5. Isaisip ang laging pagtulong sa iba lalo na ang pagbibigay babala at impormasyon tungkol sa kalamidad.



Tuklasin

Basahin ang paalaala at gamitin ang matalinong pagpapasya para sa kaligtasan.

Mga Paalaala Para Sa Kaligtasan

Kaligtasan sa Sunog

1. Huwag hayaan na maglaro ng posporo at *lighter* ang mga bata.
2. Tingnan kung mayroong mga maling pagkakakabit ng mga linya ng kuryente sa bahay.
3. Ilayo ang mga bagay na madaling masunog tulad ng alcohol, gas, at kandila.
4. Pag-aralan ang inyong lugar kung saan pwedeng dumaan sakaling magkasunog.
5. Tanggalin sa saksakan ang mga appliances na hindi ginagamit.
6. Pahingahin ang mga *appliances*.
7. Maging mapagmatyag sa mga amoy at usok sa tahanan.
8. Kung sakaling may sunog dumapa at gumapang palabas.
9. Kung nasusunog ang inyong damit: huminto, dumapa, at gumulong hanggang mapatay ang apoy. Sumigaw at humingi ng tulong.
10. Idisplay ang *emergency number* na maaaring tawagan sa oras ng sunog.

Kaligtasan sa Lindol

A. Bago ang Lindol

1. Alamin ang mga ligtas na lugar sa loob ng bahay.
2. Palaging ihanda ang mga kagamitang pang-*emergency* tulad ng *flashlight*, posporo, kandila, *first aid kit*, at iba pa.
3. Huwag maglagay ng mabibigat na mga bagay sa mataas na lugar.
4. Hikayatin ang miyembro ng pamilya na magkaroon ng kaalaman kung ano ang gagawin sa sakuna na maidudulot nito.

B. Habang Lumilindol

1. Kung nasa loob ng bahay o gusali magtago sa ilalim ng matibay na mesa at humawak sa paanan.

2. Lumayo sa bintana at pintong babasagin, cabinet, at iba pang mabibigat na bagay.
3. Kung nasa labas, manatili sa kinatatayuan. Tingnan ang paligid kung may maaring matumba o bumagsak. Pumunta sa isang ligtas na lugar na malayo sa maaring bumagsak o matumba na istruktura.
4. Kung nasa tabing dagat, lumikas sa mataas na lugar upang makaiwas sa tsunami.
5. Kapag may nagaganap na lindol lumagakpak, magsuklob, at kumapit o *duck, cover, and hold*.

C. Pagkatapos ng Lindol

1. Tingnan kung may nasaktan, tiyakin kung ligtas ang mga kasamahan.
2. Inspeksyunin kung may sira ang bahay o gusali.
3. Mag-ingat sa mga kuryente at *gas* na maaring magdulot ng sakuna.

Kaligtasan sa Baha

A. Bago ang Pagbaha

1. Maging alerto at makinig ng balita.
2. Maghanda ng *emergency supplies* tulad ng inuming tubig, pagkain, pera, gamot, damit, de-bateryang radyo, *flashlight*, at nakalagay ang mahahalagang dokumento sa isang lalagyan at nakatago sa ligtas na lugar.
3. Maging handa sa paglikas. Alamin ang lokasyon ng mga *evacuation center*, magkaroon ng alternatibong daan na hindi bahain. Huwag antaying payuhang lumikas at huwag mag-atubili at gawin sa pinakamadaling panahon.

B. Habang Bumabaha

1. Makinig sa *radyo* o manood ng telebisyon para sa mga balita.
2. Iwasang lumabas ng bahay kung hindi kinakailangan.
3. Kung inabot ng baha, humanap ng mataas at ligtas na lugar. Lumikas sa lugar na binabaha kung kinakailangan lalo na kung may payo na ang mga awtoridad na lumikas.
4. Iwasang pumunta sa mga lugar na maaaring magkaroon ng pagkatibag o *landslides*.
5. Kung baha na sa kapaligiran, isarado ang kuryente, gasul at gripo ng tubig sa bahay.

C. Pagkatapos ng Baha

1. Pakinggan ang babala kung ligtas na ang kapaligiran at kung maaari nang magsibalik ang mga pamilyang lumikas ng bahay.
2. Iwasan ang mga nasirang istruktura, gusali, poste ng kuryente, at mga naputol na puno.
3. Maging maingat sa pagkukumpuni ng mga napinsalang bahagi ng bahay.
4. Siguraduhing hindi nabasa ang mga *electrical outlets* at *appliances* bago buksan ang kuryente.
5. Linising mabuti ang mga alulod, gulong, plorera, at kahit anong maaaring pamahayan ng lamok.

Hindi maikakaila sa atin na may pagkakataon na nakararanas ang mga tao ng banta ng panganib, nararapat lamang na ang bawat isa ay nakasusunod nang maayos sa mga paalaala at gamitin ang matalinong pagpapasya para sa kaligtasan. Ang paggawa ng mabuting pasya ay mahalaga upang maiwasan ang mga sakuna at mapanatiling ligtas kung may kalamidad.



Suriin

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong, Isulat sa kwaderno ang inyong sagot.

1. Batay sa iyong nabasa, anong bagong impormasyon ang iyong nalaman patungkol sa kaligtasan sa sunog, baha, at lindol?

2. Nakararanas ka na ba ng sakuna/kalamidad? Anong sakuna/ kalamidad ito at ano ang iyong ginawa para matulungan ang sarili at ang kapwa?

3. Ano ang dapat mong tandaan upang mapanatili ang kaligtasan?

4. Ano ang magandang maidudulot ng pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa kaligtasan?

5. Bakit kinakailangang bigyan ng sapat at wastong kaalaman ang mga tao tungkol sa kaligtasan?
-

Mahalaga na may wastong kaalaman ang tao upang maiwasan ang mga sakuna tulad ng sunog. Gayundin ang kaalaman kung paano mapananatiling ligtas kung may kalamidad gaya ng pagbaha at lindol.



Pagyamanin

Gawain: Kopyahin ang talahanayan sa iyong sagutang papel at isulat ang mga kinakailangang datos sa bawat hanay.

Mga Paalaala	Mga Dapat Gawin	Kinakailangang Disiplina
1. Magtabi ng <i>emergency supplies</i> katulad ng de-bateryang radyo, <i>flashlight</i> , at iba pa.	Hal: Ihanda ang <i>emergency supplies</i> sa ligtas na lugar.	Hal: Pagsunod sa paalala na palaging maghanda ng <i>emergency supply bag</i> .
2. Tiyaking may nakaimbak na <i>emergency supplies</i> tulad ng tubig at pagkain		
3. Maging alerto, magmasid sa nangyayari sa paligid at makinig sa balita.		
4. Sikaping makalabas ng silid kapag may lindol.		
5. Huwag maglaro ng posporo o <i>lighter</i> .		
6. Makinig sa balita bago bumiyahe kung may baha.		
7. Tanggalin lahat ng mga nakasaksak na gamit bago umalis ng bahay.		

8. I-displey ang <i>emergency number</i> na maaaring tawagan.		
9. Huwag magpanic kung lumindol habang ikaw ay nagluluto.		
10. Alamin ang switch ng iyong gas at elektrisidad sakaling may sunog, lindol o baha.		



Isaisip

Panuto: Gabay ang kaalamang iyong natutunan sa mga naunang gawain, basahin, at unawain ang talata. Dugtungan ang pahayag upang mabuo ang diwa ng talata.

Kailangang maging masusi at matalino sa paggawa ng pasiya lalo na sa panahon ng sakuna o kalamidad upang

Nakabubuti ang pagiging alerto sa mga nangyayari sa paligid upang

Mahalaga ang pagsunod sa mga alintuntutnin at paalalang pagkaligtasan dahil



Isagawa

Basahin ang sumusunod na mga sitwasyon. Ano kaya ang iyong gagawin kung maharap ka sa ganitong mga sitwasyon? Isa-isahin ang mga hakbang na iyong gagawin.

1. Naiwan kang mag-isa sa bahay nang biglang lumindol.

2. Nakita mong pinaglalaruan ng nakababata mong kapatid ang posporo.



Tayahin

Gawain: Buuin ang mga pangungusap sa ibaba upang makumpleto ang diwa nito. Piliin ang iyong sagot sa loob ng kahon sa ibaba at isulat ito sa sagutang papel.

1. Maipapakita ko ang pagpapahalaga ko sa aking buhay at sa buhay ng iba sa pamamagitan ng _____.
2. Simula ngayon mas magiging maingat na ako sa pamamagitan ng _____.
3. Ang pagiging alerto at mapagmasid sa panahon ng sakuna at kalamidad ay mahalaga dahil _____.
4. Upang matugunan ng pamahalaan ang mga programang pangkaligtasan dapat na _____.
5. Bigyang babala ang mga tao sa nangyayari sa kapaligiran upang _____.
6. Ang pagbibigay-alam sa mga kinauukulan ay mabilisang tugon sa kaligtasan ng tao sapagkat _____.
7. Ang mga opisyaes ng barangay ay kaagapay ng mga tao sa pamayanan dahil sila ang _____.

8. Makatutulong sa pagpapaunlad ng kaligtasan ang isang mag-aaral na tulad mo _____.
9. Dapat bigyang-pansin ang lahat ng babalang pangkaligtasan upang _____.
10. Tamang disiplina ang dapat pairalin ng mga tao nang sa ganoon ay _____.

- makapaghahanda at makalilipat sa ligtas na lugar
- sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kaalaman sa iba
- laging handa at ligtas sa anomang oras at pagkakataon
- paglagay ng mga gamit sa ligtas na lalagyan
- makaligtas sa anumang sakuna
- mahigpit nila itong ipatutupad sa lahat
- matutulungan kaagad ang mga nangangailangan ng tulong
- magbibigay ng babala sa mga tao upang masigurong ligtas ang lahat
- mapaghahandaan natin anomang oras ito dumating
- pagsunod sa mga alituntunin at babala sakaling may sakuna
- magtago at umiiyak



Karagdagang Gawain

Gumawa ng *slogan* na maaaring maibahagi na nagpapakita kung paano mapangalagaan ang iyong sarili at ang ibang tao.



Susi sa Pagwawasto

Subukin	1. B 2. C 3. A 4. C 5. B
Balikan	1. ✓ 2. ✓ 3. X 4. X 5. ✓
Surin	1. Mga paalaala para sa kaligtasan sa sunog, lindol at baha 2. Opo, sa pamamagitan ng pagiging alerto at paghahanda ng mga emergency supplies 3. Palaging pakikinig at pagsunod sa mga babala 4. Opo 5. Upang makatiyak na ang lahat ay kapahamakan.

Pagyanin (maaring magkaba-iba ang sagot)	
Mga Paalaala	Mga Dapat Gawin
1. Magtabi ng emergency supplies katulad ng de-bateryang radyo, flashlight at iba pa. 2. Tiyaking may nakaimbak na emergency supplies tulad ng tubig at pagkain 3. Maging alerto, magmasid sa nangyayari sa paligid at makinig sa balita 4. Pumila palabras ng silid pagkatapos ng lindol 5. Huwag maglaro ng posporo o lichter 6. Makinig sa balita bago bumiyahat kung may baha 7. Tanggaliin ang lahat ng mga nakaksak na de-koryenteng gamit bago umalis ng bahay 8. I-display ang emergency number na maaaring naglutu 9. Lumilindol habang ikaw ay naglutu 10. Alam in ang switch ng iyong gas at elektrisidad sakaling may sunog, lindol o baha.	Ilagay sa isang lalagyan ang mga emergency supplies Itabi ang pagkain at tubig na nakalaan para sa oras ng emergency Nasa ligtas na lalagyan at madaling makuha ang mga emergency supplies Pakinggan at sundin ang mga babalang narinig Huwag makipagdiskusikan at tulakan palabasmag Itabi ang mga posporo o lichter sa ligtas na lugar. Alam in ang mga daang pupuntahan Ugaliin ang pagsunod sa mga babala upang mapanatili ang kaligtasan ng lahat Idikit o ilagay ang emergency number sa posisyong madali itong makita o mabasa Huminto sa paglutu Maging alerto Iwasan ang mag panic, dapat alerto sa lahat ng pagkakataon
Kinakailangang Disiplina	Mga Dapat Gawin
Sikap ng alam ng lahat ng kasapi ng pamilya ang mga gamit na dapat inihanda Nasa ligtas na lalagyan at madaling makuha ang mga emergency supplies Pagsunod sa mga babalang narinig Pakinggan at sundin ang mga palabasmag Maging alerto at kalmado Pagsunod sa alituntunin sa kaligtasan Makinig sa mga balita	Ipagbigay ang mga emergency supplies Itabi ang pagkain at tubig na nakalaan para sa oras ng emergency Nasa ligtas na lalagyan at madaling makuha ang mga emergency supplies Pakinggan at sundin ang mga babalang narinig Huminto sa paglutu Maging alerto

Tayahin

1. pagsunod sa mga alituntunin at babala sakaling may sakuna
2. paglagay ng mga gamit sa ligtas na lalagyan
3. mapaghahandaan natin anumang oras ito dumating
4. mahigpit nila itong ipapatupad sa lahat
5. makapaghahanda at makalilipat sa ligtas na lugar
6. matutulungan kaagad ang mga nangangailangan ng tulong
7. magbigay ng babala sa mga tao upang masigurong ligtas ang lahat
8. sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kaalaman sa iba
9. makaligtas sa anumang sakuna
10. laging handa at ligtas sa anumang oras at pagkakataon

Maaring magkaiiba-iba ang sagot (pagsulat ng mga paraan upang mapangalagaan ang sarili at ang ibang tao).

Karagdagang Gawain

Sanggunian

Department of Education. Region Test Item Bank sa EsP 5. Philippines: Department of Education.

Department of Education. K to 12 Curriculum Guide in EsP 5. 2016. Philippines: Department of Education.

Department of Education. n.d. *Region Contextualized Learning Resources for EsP 5*. Philippines: Department of Education.

Vibal Group Inc. 2016. *Manwal ng Guro, Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*. Quezon: Vibal Group Inc.

Ylarde, Zenaida R., and Gloria Peralta. 2016. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*. Quezon: Vibal Group, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph